**Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?**

## I. ANG FOUR BIGGEST THREATS

Ang salitang threat o banta ay ang tao o bagay na nagdudulot ng panganib o kapahamakan sa iba. Maraming threats o banta ang kinakaharap mo sa iyong teenage years kaya naman dapat ay handa ka na makilala, harapin at mapagtagumpayan ang mga ito.

Ang pagkakaroon ng mga kaibigan ang isa sa mga hangarin ng bawat kabataan. May mga kabataan na napapabuti ang kalagayan dahil sa mga matinong kaibigan at may ilan naman na napapahamak dahil sa masamang barkada.

Anong uri ng mga kaibigan ang iyong sinasamahan?

### Threat No. 4: MASAMANG BARKADA

Ang masamang barkada o ang tinatawag na “the wrong crowd” sa english ay ang mga inibidual na sinasamahan, nagtuturo at nagi-impluwensya sa iyo na gumawa ng mga bagay na salungat sa turo ng Diyos, mga values and beliefs na turo ng magulang at mga nakatatanda na may maayos na pananaw sa buhay.

Sinasabi sa Bibliya na, Bad company corrupts good character (1 Corinthians 15:33). Nagbunga ito ng kasabihang, Tell me who your friends are, and I will tell you who you are. Kung sino ang barkada mo, ganoon ka. Kung mahilig sa sex acts ang mga close friends mo maski sa simula hindi ka ganoon, di maglalaon ganun din ang kalalabasan mo. Kung durugista, manginginom at sugarol ang kasama mo, maski sa simula hindi ka ganun, sa huli magiging gawain mo na rin ito.

**TIME OUT**

Narinig mo na ba ang kasabihang “It takes one spoiled tomato to destroy the rest”?

______________________________________________________________

Paano maihahalintulad ang kasabihan na iyan sa mga masamang kaibigan?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

### PAG-ARALAN:




Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

**Kawikaan 13:20**
Ang nakikisama sa may unawa ay magiging matalino, ngunit ang kasama ng mangmang ay masusuong sa gulo.

*Walk with the wise and become wise, for a companion of fools suffers harm.*

**Kawikaan 14:7**
Iwasan mong makisama sa mga taong mangmang, pagkat sa kanila ay wala kang mapupulot na kaalaman.

*Stay away from a fool, for you will not find knowledge on their lips.*

**Kawikaan 22:24-25**
Huwag kang makipagkaibigan sa taong bugnutin, ni makisama sa taong magagalitin, baka mahawa sa kanila at sa bitag ay masilo.

*Do not make friends with a hot-tempered person, do not associate with one easily angered, or you may learn their ways and get yourself ensnared.*

1. Ayon sa Kawikaan 13:20, ano ang kahihinatnan ng isang taong nakikisama sa mangmang or fools?


2. Ayon sa Kawikaan 14:7, bakit natin kailangan umiwas makisama sa mga taong mangmang or fools?

3. Ayon sa Kawikaan 22:24-25, ang nakakahawa ba ang masamang ugali ng kaibigan?

**PAG-USAPAN:**

Malaking bahagi ng buhay ng kabataan ang mga kaibigan. Mas madalas na pinakikinggan at hinihingan ng payo ang mga kaibigan kesa sa mga magulang. At ang pakiramdam din na mas naiintindihan sila ng kaibigan ang isa sa dahilan kung bakit gusto nilang mag-open up sa kanila sa halip na sa magulang. Walang masama sa pagkakaroon ng mga kaibigan. Ang mahalaga ay marunong kang pumili ng mga sasamahang kaibigan.

Ano nga ba ang maaaring maging epekto ng pakikisama sa masamang barkada?



Mahalagang matutong pumili ng mga taong sasamahan at kakaibiganin. Mahirap lumangoy laban sa agos ng tubig. Ang kahihinatnan mo ay “If you can’t beat them, join them.” Sa halip na ikaw ang nakaimpluwensya ng mabuting asal, ikaw pa ang natangay sa kasamaan.

May ibang epekto ka pa bang naiisip na hindi nabanggit? Ito ba ang nais mong maging future?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Maraming kabataan na nagsasabing napapasama sila sa masamang barkada bunga ng family problem. Sa iyong palagay, makatwiran ba na gamitin ang ganitong dahilan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

2. May ilang kabataan ang nagsasabi na kaya sila nakikisama sa masamang barkada ay dahil dito sila nakaramdam ng feeling of acceptance? Ano ang danger ng ganitong pag-iisip at pangangatwiran?

   ______________________________________________________________________
   ______________________________________________________________________

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | Mahalaga na matuto akong pumili ng tamang mga kaibigan sapagkat: |

**Verse of the Day:**
Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu’y nakahanda ngunit ang laman ay mahina. ***Matthew 26:41***